

# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



### **MODYUL 21** **PAMAHALAAN AT KAPANGYARIHAN**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue

Pasig City



## MODYUL 21

### PAMAHALAAN AT KAPANGYARIHAN



Sa modyul na ito, pagtutuunan natin ng pansin ang pag-aaral tungkol sa pamahalaan ng Pilipinas: ang iba't ibang mga sangay nito, ang mga tungkulin at responsibilidad ng mga pinuno, at iba pang mga kaalaman na makatutulong sa mas malalim na pagkakaunawa mo sa pamahalaan ng Pilipinas.



May limang aralin kang haharapin:



Aralin 1: Ang Balangkas ng Pamahalaang Pilipinas



Aralin 2: Ang Sangay Tagapagpaganap



Aralin 3: Ang Sangay Tagapagbatas



Aralin 4: Ang Sangay Tagahukom



Aralin 5: Ang Mga Komisyong Konstitusyonal



Aralin 6: Ang Pamahalaang Lokal



Inaasahan na magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito:

1. Makabubuo ng sariling kahulugan ng pamahalaan;
2. Masusuri ang mga tungkulin at gawain ng pamahalaan at mga namumuno rito;
3. Maipapahayag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matatag na pamahalaan;
4. Maipaliliwanag ang mga limitasyon ng mga sangay ng pamahalaan;
5. Matutukoy ang iba't ibang Komisyong Konstitusyonal at ang mga tungkulin at kapangyarihan ng mga ito; at
6. Makapagbibigay ng reaksiyon sa pagganap ng tungkulin ng iba't ibang sangay ng pamahalaan.

Handa ka na marahil upang pag-aralan ang modyul. Maaari mo nang sagutin ang panimulang pagsusulit.



## PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Isilat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang pinuno ng sangay ng tagapagpaganap:
  - A. Pangalawang Pangulo
  - B. Pangulo
  - C. Gabinete
  - D. Senador
  
- \_\_\_\_\_ 2. Itinatakda ng pangulo upang tumulong sa maayos pangangasiwa ng pamahalaan:
  - A. Senador
  - B. Kongreso
  - C. Pangalawang Pangulo
  - D. Gabinete
  
- \_\_\_\_\_ 3. Pinuno ng Kataastaasang Hukuman:
  - A. Presidente ng Senado
  - B. Ispiker ng Kapulungan
  - C. Punong Mahistrado
  - D. Gabinete
  
- \_\_\_\_\_ 4. Paraan ng pagpili ng Pangulo at Pangalawang Pangulo:
  - A. Halalang Nasyonal
  - B. Pagtaas ng kamay
  - C. Pagpili ng mga kinatawan
  - D. Pagtatalaga ng Punong Mahistrado
  
- \_\_\_\_\_ 5. Pinuno ng Mataas na Kapulungan:
  - A. Pangulo ng Senado
  - B. Ispiker ng Kapulungan
  - C. Pangulo
  - D. Punong Mahistrado

\_\_\_\_\_ 6. Pinuno ng Mababang Kapulungan:

- A. Pangulo ng Senado
- B. Ispiker ng Kapulungan
- C. Pangulo
- D. Punong Mahistrado

\_\_\_\_\_ 7. Bilang ng mga Mahistrado:

- A. 11
- B. 12
- C. 13
- D. 14

\_\_\_\_\_ 8. Bilang ng mga miyembro ng Kapulungan ng Kinatawan:

- A. 100
- B. 150
- C. 250
- D. 300

\_\_\_\_\_ 9. Bilang ng mga Miyembro ng Mataas na Kapulungan:

- A. 11
- B. 12
- C. 23
- D. 24

\_\_\_\_\_ 10. Paraan ng pagpili ng mga Senador:

- A. Pagtataas ng kamay
- B. Pagboto sa pambansang halalan
- C. Pagboto sa distrito
- D. Pagtatalaga ng Pangulo

- \_\_\_\_\_ 11. Maaaring hawakang posisyon ng Pangalawang Pangulo:
- A. Gabinete
  - B. Ispiker ng Kapulungan
  - C. Punong Mahistrado
  - D. Presidente ng Senado
- \_\_\_\_\_ 12. May pangunahing tungkuling gumawa ng mga panukalang batas.
- A. Pangulo
  - B. Pangalawang Pangulo
  - C. Gabinete
  - D. Mambabatas
- \_\_\_\_\_ 13. May kapangyarihang magtaya ng konstitusyonalidad at lehisidad ng anumang kasunduan sa ibang bansa:
- A. Pangulo
  - B. Pangalawang Pangulo
  - C. Kataastaasang Hukuman
  - D. Gabinete
- \_\_\_\_\_ 14. Inihahalal ng mga botante sa mga purok pangkapuluan:
- A. Senador
  - B. Pangalawang Pangulo
  - C. Kinatawan ng Kapulungan
  - D. Gabinete
- \_\_\_\_\_ 15. Inihahalal ng kinatawan ng mahistradong partido o organisasyong pambansa, panrehiyon, at pang-sektor:
- A. Party-List
  - B. Gabinete
  - C. Senador
  - D. Punong Mahistrado

## ARALIN 1

### ANG BALANGKAS NG PAMAHALAAN NG PILIPINAS



Sa araling ito, malalaman mo ang pagkakabalangkas ng Pamahalaan ng Pilipinas. Tutukuyin ditto ang iba't ibang sangay ng pamahalaan, at ang mga linya ng pagkakabalangkas mula sa Pangulo hanggang sa pinakamaliit na yunit pampulitika ng pamahalaan.



Pagkatapos ng mga aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang balangkas ng responsibilidad at kapangyarihan ng Pamahalaan ng Pilipinas: at
2. Maipaliliwanag nang ang konsepto ng sistema ng Pamahalaan ng Pilipinas.



#### Gawain1: Pag-isipan Mo!

Bago mo basahin ang paksa tungkol sa Pamahalaan ng Pilipinas, suriin mo muna ang nagaganap sa isang pamilya.

Una, ilaran ang mga miyembro ng iyong pamilya. Pagkatapos, isaayos ang listahang iyong ginawa ayon sa bigat o hirap ng gawain o tungkulin sa tahanan mula 1 (pinakamababa) hanggang 5 (pinakamahirap).

Pagkatapos mong magawa ng nasa itaas, sagutin mo ang mga sumusunod:

1. Sino sa iyong listahan ang may pinakamabigat na gawain o tungkulin sa pamilya?
2. Sino ang may pinakamadaling gawain o tungkulin sa pamilya?
3. Isulat ang mga nakikita mong kadahilanan kung bakit mabigat o madali ang mga gawain nila pamilya.

---

---

---

---

---

---

---

## Ang Balangkas ng Pamahalaan ng Pilipinas

Ang pamahalaang gaya rin ng pamilya ay may mga miyembro ng may kanikaniyang tungkulin. Kung ang pamilya ay may balangkas na sinusunod, ganoon din ang pamahalaan.

Sa ilalim ng Saligang-Batas ng 1987, ang Republika ng Pilipinas ay mayroong **Presidensyal** na uri ng pamahalaan. Ito ay binubuo ng tatlong (3) sangay: **Sangay Tagapagpaganap o Ehekutibo**; Ang **Sangay Tagapagbatas o Lehislatibo**; at ang **Sangay Panghukuman o Hudisyal**. Ang **Pangulo (Presidente)** at **Pangalawang Pangulo (Bise-Presidente)** ang siyang namumuno sa sangay tagapagpaganap. Sila ay direkta o tuwirang ihihahalal ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pambansang eleksyon. Anim na taon ang tagal ng kanilang panunungkulan.


Ang Pangulo ay nagtatalaga ng kanyang **Gabinete o Cabinet** na siyang tumutulong sa pangangasiwa at maayos na pamamalakad ng mga gawaing pampamahalaan. Ang Gabinete ay binubuo ng mga iba't ibang **sangay (departments)** na may mga ispesipikong tungkulin at pinamumunuan ng isang **Kalihim (Cabinet Secretary)**.

Ang Sangay Tagapagbatas ay may pangunahing tungkulin na magpasa ng mga iba't ibang batas. Ito ay binubuo ng **Mataas na Kapulungan (Senado)** at **Mababang Kapulungan (Kinatawan)**. Ang **Pangulo ng Senado (Senate President)** ang siyang namumuno sa Mataas na Kapulungan at ang **Ispiker (Speaker of the House)** ang siya naging namumuno sa Mababang Kapulungan. Sila ay direktang ihihahalal ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang nasyonal at lokal na eleksyon tuwing ikatlong taon.

Ang Sangay Panghukuman ay binubuo ng mga sistemang panghukuman. Ang **Kataastaasang Hukuman (Supreme Court)** ang itinuturing pinakamataas na hukuman na siyang pinamumunuan ng **Pinunong Mahistrado o Chief Justice**.




Narito ang Tsart:






Makikita mo sa tsart ang pagkakahati-hati ng kapangyarihan ng pamahalaan ayon sa tatlong sangay nito. Mapapansin mo na ang tatlong sangay ay magkakapantay sa tsart. Ito ay dahil sa prinsipyo ng pantay-pantay na kapangyarihan ng tatlong sangay. Ipinapikita dito na hindi maaaring maimpluwensyahan o diktahan ng bawat sangay ang desisyon at galaw ng bawat isa maliban kung isinasaad sa batas. Mapapansin din na may kanya-kanyang responsibilidad ang bawat sangay. Ang Tagapagpaganap ang pangunahing sangay na ang tungkulin ay ipatupad ang mga batas at mga adhikain na mai-angat ang kabuhayan ng lahat ng mamamayan. Ang Tagapagbatas naman ay layuning gumawa at magpasa ng mga batas na mangangalaga ng mga karapatan ng lahat ng mamamayan. Ang Sangay Tagpaghukom ay may pangunahing layunin na alamin kung ang mga gawain at mga hakbangin ng mga ahensya ng pamahalaan ay naaayon sa mga batas at alinsunod sa itinatadhana ng Saligang-Batas ng Pilipinas.



Isipin mo na ang tatlong sangay ng pamahalaan ay parang isang pantay-sukat na tatsulok o *equilateral triangle*. Ibig sabihin, pantay-pantay ang sukat at pantay-pantay ang kapangyarihan. Sa pamamagitan nito, nababantayan nila ang isa't isa sa pamamagitan ng prinsipyo ng *check and balances*. Dito naiwasan ang pang-aabuso ng bawat sangay dahil itinatama ito ng ibang sangay.




## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sinu-sino ang tatlong namumuno sa tatlong pangunahing sangay ng ating pamahalaan? Punan ang listahan sa ibaba.

### TAGAPAGPAGANAP

Posisyon: \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_



### TAGAPAGBATAS

Posisyon: \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_

### PANGHUKUMAN

Posisyon: \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_



### Tandaan Mo!

- Ang Pangulo ng Pilipinas ang siyang punong tagapagpaganap ng pamahalaan. Siya ang pumipili ng mga Kalihim ng mga Kawanihan ng Pamahalaan batay sa pagsang-ayon ng Komite ng Paghirang.
- Ang Pangalawang Pangulo ay maaaring humawak ng posisyon bilang Kalihim sa Gabinete nang hindi na kailangang dumaan sa Komite ng Paghirang batay sa pagtatalaga ng Pangulo.
- Ang Sangay Tagapagbatas ay siyang taga-ugit ng batas. Binubuo ito ng Mataas na Kapulungan (Senado) at Mababang Kapulungan (Kinatawan).
- Ang Sangay Tagahukom ay pinamumunuan ng Kataastaasang Hukuman



### Gawain 3: Paglalapat

Halimbawang papiliin ka ng isang posisyon sa pamahalaan, ano ang iyong pipiliin? Ipaliwanag ang iyong sagot sa ibaba.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## ARALIN 2

### ANG SANGAY TAGAPAGPAGANAP



Upang higit mong maintindihan ang bawat sangay ng pamahalaan, isa-isahin natin ang pagtalakay sa mga ito . Unahin natin ang Sangay Tagapagpaganap.



Pagkatapos ng aralin, inaasahan na magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang bigat ng tungkuling ginagampanan ng Sangay Tagapagpaganap;
2. Maiisa-isa ang mga kagawaran ng pamahalaan at ang mga tungkulin nito; at
3. Maipaliliwanag ang mga kwalipikasyon at mga tungkulin ng Pangulo, Pangalawang Pangulo at mga Kalihim ng iba't ibang kagawaran.



### **Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Alin sa mga grupo ng salita ang naiiba? Bilugan ang salita na naiiba at ipaliwanag kung bakit ito naiiba. Isulat ang iyong paliwanag sa patlang.

1. pag-gawa ng batas, kongreso, senado, pangalawang pangulo  

---
2. Kalihim ng Tanggulang Pambansa, Senador, Kalihim ng Pananalapi, Kalihim ng Pangangasiwa ng Badyet  

---
3. Pamahalaang Bayan, Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang Pang-Lungsod, Batasang Pambansa  

---
4. anim na taon ang termino, maaaring ihalal muli, maaaring humawak ng posisyong kalihim, gumagawa ng batas  

---
5. nangangasiwa sa interpretasyon ng batas, punong mahistrado, mga kagawad na mahistrado, kalihim ng kagawaran  

---

### **Mga Naging Pangulo Ng Pilipinas**

“Ang kapangyarihang tagapagpaganap ay dapat masalalay sa isang Pangulo ng Pilipinas.”(Artikulo VII, Seksyon 1)

Ito ang nakasaad sa ating Saligang-Batas at ipinatutupad ng ating Republika.

Paano ba pinipili ang Pangulo ng Pilipinas? Nakasaad din sa Saligang-Batas ang mga katangiang ito:

“Hindi maaaring mahalal na Pangulo ang sino mang tao matangi kung siya ay isang katutubong ipinanganak na mamamayan ng Pilipinas, isang rehistradong botante, nakababasa at nakasusulat, apatnapung taon man lamang ang gulang sa araw ng halalan, at isang residente ng Pilipinas sa loob ng sampung taon man lamang kagyat bago ang gayong halalan” (Artikulo VII, Seksyon 2).”

Isa-isahin natin ang mga naging Pangulo ng ating bansa. Ipagpalagay din natin na tayo'y nasa Malacañang ngayon.

Nakikita mo ba ang selyong ito? Ito ay ang selyo ng Pangulo ng Pilipinas.



*Office of the President*  
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES



**GLORIAMACAPAGAL-ARROYO(2001-  
kasalukuyan)**

Si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ay ipinanganak noong Abril 5, 1947. Nagtapos siya na Valedictorian sa Assumption Convent, noong siya ay nasa mataas na paraalan pa lamang. Palaging nasa Dean's List siya noong siya ay nasa Georgetown University sa Washington DC at nagtapos na Magna Cum Laude sa Assumption College. Siya ay pinasumpa bilang Ika-14 na Pangulo ng Pilipinas noong Ika-20 ng Enero, 2001 ni Punong Mihistrado Hilario Davide Jr. matapos na ang Kataastaasang hukuman ay magdeklara na ang posisyon ng Pangulo ay bakante na. Siya ang pangalawang babaeng iniluklok ng mga mamamayan sa pagka-Pangulo sa pamamagitan ng mapayapang **People Power Revolution** o **EDSA II**.



**JOSEPH EJERCITO ESTRADA (1998-2001)**

Si Joseph E. Estrada, ang ika-13 Pangulo ng Pilipinas, ay ipinanganak noong Ika-19 ng Abril 1937 sa Tondo, Maynila, ang dating lugar ng pinakamatatapang at pinakamahihirap na tao sa Maynila. Ang kanyang mga magulang ay sina Engr. Emilio Ejercito at Maria Marcelo. Si Estrada ay unang pumasok sa pulitika nang siya ay tumakbo at mahalal bilang Alkalde ng Municipalidad ng San Juan noong taong 1968.



**FIDEL VALDEZ RAMOS (1992-1998)**

Si Fidel V. Ramos ay nanalo sa pampanguluhang halalan noong Ika-11 ng Mayo, 1992 matapos manganpanya laban sa matagal nang tradisyon ng **graft and corruption** sa pamahalaan. Sa kabila ng mahinang partido at madalas na pagsisilbi niya sa diktaduryang Marcos, si Ramos ay nakakuha ng 24% ng mga boto upang maging ika-12 Pangulo ng Pilipinas.



**CORAZON C. AQUINO (1986-1992)**

Si Corazon "Cory" C. Aquino, ang unang babaeng naging Ika-11 Pangulo ng Pilipinas, ipinanganak noong ika-25 ng Enero, 1933 sa isang mayaman at kilalang puitikong pamilya na mula sa Tarlac. Sa pagkakapaslang ng kanyang asawang si Senador Ninoy Aquino, Jr., siya ay naging simbolo ng moral na oposisyong lumaban sa rehimeng Marcos.



**FERDINAND E. MARCOS (1965-1986)**

Si Ferdinand E. Marcos ay ipinanganak sa Sarrat, Ilocos Norte noong ika-28 ng Setyembre 1917 kina Mariano Marcos at Josefa Edralin. Siya ang ika-10 Pangulo ng Pilipinas at nanungkulan mula taong 1965 hanggang 1986. Siya ang nagtatag ng **awtoritaryang** rehimen sa Pilipinas na tumanggap ng maraming batikos sa kurapsyon at paglabag sa karapatang-pantao. Bukod sa pagiging Pangulo, siya rin ang naging unang **Punong Ministro** sa kasaysayan ng Pilipinas.



### **DIOSDADO MACAPAGAL (1961-1965)**

Si Diosdado Macapagal ay ipinanganak sa Lubao, Pampanga noong ika-28 ng Setyembre 1910 kina Urbano Macapagal at Romana

Pangan. Kilala bilang **“the poor boy from Lubao,”** siya ay nahalal bilang ika-9 na Pangulo ng Pilipinas noong taong 1961. Ang kanyang paglalakbay mula sa payak na pamilya sa Lubao patungo sa pangunahing tanggapan sa Malacañang ay naging inspirasyon ng mga Pilipino. Siya ang Pangulo na nagpakita ng tunay na katapatan sa panunungkulan at nagdala ngdangal sa salitang **“pulitika.”**



### **CARLOS P. GARCIA (1957-1961)**

Si Carlos P. Garcia ang ika-walo Pangulo ng Pilipinas. Siya ay ipinanganak sa Talibon, Bohol noong ika-4 ng Nobyembre 1896 kina

Policarpio Garcia at Ambrosia Polistico. Nag-aral siya sa Unibersidad ng Siliman sa Dumaguete at lumipat sa Philippine Law School kung saan siya nagtapos ng kanyang kursong abogasya noong 1923. Nang kumuha siya ng bar examination ay napabilang siya sa sampung pinakamataas. Nagturo din siya sa Panlalawigang Paaralan ng Bohol.



### **RAMON MAGSAYSAY (1953-1957)**

Si Ramon Magsaysay ay kilala bilang **“The Guy.”** Siya ay ipinanganak sa Iba, Zambales noong ika-31 ng Agosto, 1907. Siya ay ikalawang anak nina Exequiel Magsaysay at Perfecta del Fierro. Bilang ika-7 Pangulo ng Pilipinas, si Magsaysay ay

minahal ng mga masang Pilipino dahil sa pagbubukas niya ng Malacañang sa mga ito. Binigyan niya ng mas maraming pagkakataon ang mga karaniwang mamamayan upang ipaalam sa Pangulo ang kanilang mga hinaing. Hanggang ngayon, ang pagiging ehemplo niya bilang mabuting Pangulo ang siyang tinutularan ng mga bagong pinuno sa pamahalaan.



**ELPIDIO QUIRINO (1948-1953)**

Si Elpidio Quirino ang ika-6 na Pangulo ng Pilipinas. Siya ay ipinanganak sa Vigan, Ilocos Sur noong ika-16 ng Nobyembre 1890.

Matapos ang pag-aabugasya sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1915, pumasa siya sa bar ng taon ding iyon. Nagsimula siya sa serbisyo publiko sa mababang posisyon bilang guro sa isang barrio sa Vigan. Naging “*junior computer encoder*” sa *Bureau of Lands, property clerk* sa Polisyang ng Maynila, at pribadong kalihim ni Pangulong Quezon noong ito ay Pangulo pa lamang ng Senado.



**MANUEL A. ROXAS (1946-1948)**

Si Manuel A. Roxas, ang ika-5 Pangulo ng Pilipinas, ay ipinanganak sa Capiz (ngayon ay Roxas City) noong ika-1 ng Enero 1892. Siya

ay nag-aral ng kursong abugasya sa Unibersidad ng Pilipinas at nagtapos ng may mataas na karangalan noong 1913. Nanguna sa bar na ginanap noong taon ding iyon. Nagsimula siya sa serbisyo publiko bilang pribadong kalihim ni Punong Mahistrado Arellano Cayetano. Nagturo rin siya ng abugasya mula 1915 hangang 1916.





### **SERGIO OSMEÑA (1944-1946)**

Si Sergio Osmeña ang nagtatag ng Partido Nacionalista at naging ika-4 na Pangulo ng Pilipinas. Siya ay ipinanganak sa Cebu City noong ika-9 ng Setyembre 1878. Bago niya tinapos ang kursong abugasya sa Unibersidad ng Santo Tomas, nagsilbi muna siya sa Pamahalaang Rebolusyunaryo noong 1896 bilang tagadala ng mga liham para kay Pangulong Aguinaldo.



### **JOSE P. LAUREL (1943-1945)**

Si Jose P. Laurel ay ipinanganak noong ika-9 ng Marso 1891 sa barrio ng Tanauan, Batangas. Siya ay nahalal bilang ika-3 Pangulo ng Pilipinas ng Pambansang Asembliya noong ika-25 ng Setyembre 1943 at nanungkulan noong ika-14 ng Oktubre 1943. Ito ay noong panahon ng pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas (1942-1945) noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



### **MANUEL QUEZON(1935-1944)**

Si Manuel Luis Molina Quezon ay kilala bilang Arkitekto ng Kalayaan ng Pilipinas. Siya ang ika-2 Pangulo ng Pilipinas. Siya ay ipinanganak sa Baler, Tayabas (ngayon ay Quezon) probinsya ng Luzon noong ika-19 ng Agosto, 1878.



### **EMILIO AGUINALDO (1898-1901)**

Si Emilio Aguinaldo, ang unang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ay ipinanganak noong ika-22 ng Marso, 1869 sa Kawit, Cavite sa mga magulang na Tsino at Tagalog ang pinagmulan. Bilang isang pinuno ay lumaban siya sa pamamahala ng Espanya at di nagtagal ay sa mga Amerikano para sa kalayaan ng Pilipinas.

Ngayong nakilala mo na ang mga naging pangulo ng Pilipinas, tunghayan naman natin ang kanilang mga katungkulan. Ang bawat tungkuling nakaatang sa kanilang balikat ay pinagtibay sa ating Saligang-Batas. Isa-isahin natin:

- ◆ Ang haba ng panunungkulan ng Pangulo ay anim na taon lamang. Magsisimula ito sa katanghalian ng ika-30 ng Hunyo hanggang katanghalian ng gayon ding petsa pagkaraan ng anim na taon.
- ◆ Kung ang halal na Pangulo ay hindi maging marapat sa tungkulin na itinatadhana ng batas, ang halal na Pangalawang Pangulo ay dapat na gumanap na Pangulo hanggang sa makapili at maging marapat ang isang Pangulo.
- ◆ Sa pamalagiang pagkabalda, pagkamatay, pagkaalis sa katungkulan o pagbibitiw ng Pangulo, ang Pangalawang Pangulo ay hihirang ng Pangulo at manunungkulan sa di natapos na bahagi ng panunungkulan ng Pangulo. Ang Pangulo ay dapat na magmungkahi at, sa pagsang-ayon ng Komisyon ng Paghirang, dapat humirang ng mga puno ng mga kagawarang tagapagpaganap, mga ambasadador, iba pang mga pambayang minister at konsul, kasama din ang mga pinuno ng sandatahang lakas mula sa ranggong koronel o kapitan ng hukbong pandagat at iba pang mga pinuno na ang paghirang ay nakasalalay sa kanya sa Konstitusyong ito. Dapat din niyang hirangin ang lahat ng iba pang mga pinuno ng Pamahalaan na ang paghirang sa kanila ay walang ibang itinatadhana ng batas.


- ◆ Ang Pangulo ay dapat magkaroon ng kontrol sa lahat ng mga kagawarang tagapagpaganap, mga kawanihan, at mga tanggapan. Dapat niyang siguruhin ang matapat na pagpapatupad ng batas.
- ◆ Hanggang anim (6) na taon lamang ang haba ng panunungkulan ng isang Pangulo. Hindi na siya maaaring tumakbong muli sa eleksyon pagkaraan ng anim na taon.
- ◆ May katungkulan ang pangulo na mag-veto o hindi pirmahan ang panukalang batas na maski pumasa na ito sa Kongreso.
- ◆ May katungkulan ang Pangulo sa pagbibigay ng Presidensyal pardon, matapos mahatulan ng Kataastaasang Hukuman ang isang sa maysala sa batas.
- ◆ Maaaring magdeklara ng Batas Marsyal kung may pagsang-ayon ang Kongreso.

Nakilala mo na ang mga naging Pangulo ng Pilipinas. Marami ka bang natutuhan tungkol sa kanila? Sana ay marami kang kaalamang nakuha sa ating paglalakbay sa Palasyo ng Malakanyang, ang opisyal na tahanan ng Pangulo ng Pilipinas.

## **Ang Pangalawang Pangulo**

Ngayon naman ay tingnan natin ang Opisyal na Selyo ng Pangalawang Pangulo ng Pilipinas. Ito ay sumasagisag sa ating Pangalawang Pangulo:

### **OFFICE OF THE VICE-PRESIDENT**



Ayon sa Saligang-Batas ng 1987(Art. VII, Sek. 3), dapat magkaroon ng isang Pangalawang Pangulo na may taning ng panunungkulan na katulad ng sa Pangulo. Dapat ay mahalal din siya na kasabay at sa paraang katulad ng sa Pangulo. Maaari siyang alisin sa panunungkulan sa paraang katulad din ng sa Pangulo. Ang pangalawang pangulo ay maaari ding hiranging kagawad ng gabinete. Hindi kinakailangan ang ano mang kumpirmasyon sa gayong paghirang.

Ang Pangulo at Pangalawang Pangulo ay dapat mahalal sa pamamagitan ng tuwirang boto ng sambayanan upang makapaglingkod ng anim na taon. Nagsisimula ang kanilang termino sa katanghalian ng ika-30 araw ng Hunyo ng sumusunod na araw ng halalan at magtatapos sa katanghalian ng gayon ding petsa pagkaraan ng anim na taon. Ito ay nasasaad sa Artikulo VII, Seksyon 4 ng ating Saligang-Batas.

Sino ang Pangalawang Pangulo ng bansa sa kasalukuyan? Maibibigay mo ba ang kanyang pangalan at pinagmulan?

## **Ang Iba't ibang Kagawaran Ng Pamahalaan Ng Pilipinas**

Upang maisulong ng Pangulo at Pangalawang Pangulo ang mga programa ng pamahalaan, may iba't ibang sangay na bumubuo ng gabinete ng pangulo. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

Tanggapan ng Punong Kalihim

Tanggapan ng Kalihim ng  
Pamamahayag

Kagawaran ng Reporma sa Lupa

Kagawaran ng Pagsasaka

Kagawaran ng Pagbabadyet

Kagawaran ng Edukasyon

Kagawaran ng Kalakalan at Industriya

Kagawaran ng Pananalapi

Kagawaran ng Ugnayang Panlabas

Kagawaran ng Kalusugan

Kagawaran ng Pamahalaang Lokal at Interyor

Kagawaran ng Hustisya

Kagawaran ng Empleo at Paggawa

Kagawaran ng Pambansang  
Tanggulan

Kagawaran ng mga Lansangan at  
Pampublikong Paggawa


Kagawaran ng Agham at  
Teknolohiya

Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan

Kagawaran ng Turismo

Kagawaran ng Transportasyon  
at Komunikasyon

Kagawaran ng Enerhiya



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Pangalanan ang mga kalihim ng mga sumusunod na kagawaran.

Sino ang pinuno ng bawat kagawaran? Maaaring magbasa ng dyaryo, magtanong sa mga kakilala o makinig ng radyo.

1. Kalihim ng Edukasyon: \_\_\_\_\_

2. Kalihim ng Tanggulang Pambansa: \_\_\_\_\_

3. Kalihim ng Kagalingang Panlipunan: \_\_\_\_\_

4. Kalihim ng Pananalapi: \_\_\_\_\_

5. Kalihim ng Pagbabadyet: \_\_\_\_\_

6. Kalihim ng Pagasasaka: \_\_\_\_\_

7. Kalihim ng Empleo at Paggawa: \_\_\_\_\_

8. Kalihim ng Pamahalaang Lokal at Interior: \_\_\_\_\_

9. Kalihim ng Turismo: \_\_\_\_\_

10. Kalihim ng Agham at Teknolohiya: \_\_\_\_\_

### Tandaan Mo!



- Ang Sangay Tagapagpaganap (Ehekutibo) ay pinamumunuan ng Pangulo at Pangalawang Pangulo.
- Ang gabinete ng pangulo ay binubuo ng iba't ibang kagawaran at pinamumunuan ng mga kalihim. Nilalayon ng bawat kagawaran na maitaguyod ang iba't ibang serbisyong magpapaunlad ng bansa at makatutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan.



### Gawain 3: Paglalapat

Kung nais mong maging isang pinuno sa Sangay ng Tagapagpaganap, ano ang iyong pipiliin? Pangulo? Pangalawang pangulo? O Kalihim? Sumulat ng isang sanaysay na may dalawang talata upang ipaliwanag ang iyong nadarama.

Ang pamagat ng iyong sanaysay ay ito:

Kung Ako ang (pumili ng posisyong gusto mo.)

## ARALIN 3

### ANG SANGAY TAGAPAGBATAS



Marahil narinig mo na ang tungkol sa mataas at mababang kapulungan. Nagtataka ka ba kung ano ang mga iyan? Mga mahahalagang sangay ng pamahalaan ang mataas at mababang kapulungan. Nabibilang sila sa Sangay ng Tagapagbatas. Sa araling ito ay malalaman natin ang mga tungkulin at balangkas ng Sangay Tagapagbatas.



Inaasahang pagkatapos ng aralin ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliwanag ang mga gawain at tungkulin ng mga Senador at Kongresista;at
2. Mailalarawan ang paraan ng paggawa ng isang panukalang batas.



### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Kilala mo ba ang mga Senador at mga Kongresista? Tingnan natin. Isulat mo sa patlang kung Senador o Kongresista ang mga sumusunod:

- \_\_\_\_\_ 1. Juan Flavier
- \_\_\_\_\_ 2. Cynthia Villar
- \_\_\_\_\_ 3. Miriam Defensor-Santiago
- \_\_\_\_\_ 4. Rodolfo Biazon
- \_\_\_\_\_ 5. Teddy Boy Locsin
- \_\_\_\_\_ 6. Boy Hizon

Kung nasagot mo ang mga tanong, binabati kita. Halika at basahin natin kung ano ang mga tungkulin ng bawat senador at kongresista.

### Ang Kongreso ng Pilipinas

Ano ang sinasabi ng Saligang-Batas? Ano ang dalawang mahalagang kapulungang bumubuo ng Sangay Tagapagbatas ng ating pamahalaan?

“Dapat masalalay sa isang Kongreso ng Pilipinas ang kapangyarihang Tagapagbatas na dapat binubuo ng isang Senado at isang Kapulungan ng mga Kinatawan, maliban sa lawak na inilaan sa mga taumbayan ng tadhana tungkol sa pagpapatuina at referendum (Art. VI, Sek. 1).”

### Ang Senado o Mataas na Kapulungan

Una nating susuriin ang mga katungkulan ng Senado.



Ito ang Selyo ng Mataas na Kapulungan



Si Franklin Drilon ang Pangulo ng Senado

Ayon sa Saligang-Batas, “ang Senado ay dapat buuin ng dalawampu’t apat (24) na Senador na dapat ihalal sa kalahatan ng mga kwalipikadong botante ng Pilipinas, ayon sa maaaring itadhana ng batas (Art.,VI, Sek. 2).”

Dahil dyan, mayroon tayong 24 na miyembro ng Senado ngayon. Ang kasalukuyang Kongreso ay tinatawag na ika-13 Kongreso.

**Mga Nahalal noong ika-10 ng Mayo 2004 (Tagal ng Panunungkulan: Mula ika-1 ng Hulyo 2004 hanggang ika-30 ng Hunyo 2010)**

Rodolfo G. Biazon	Pilar Juliana S. Cayetano
Juan Ponce Enrile	Jinggoy E. Estrada
Richard J. Gordon	Manuel M. Lapid
Alfredo S. Lim	Jamby A.S. Madrigal
Aquilino Q. Pimentel	Ramon B. Revilla, Jr.
Manuel A. Roxas II	Miriam Defensor Santiago

**Nahalal noong ika-11 ng Mayo 2001 (Tagal ng Panunungkulan: Mula ika-1 Hulyo 2001 hanggang ika-30 ng Hunyo 2007)**

Edgardo J. Angara	Joker P. Arroyo
Noli L. de Castro	Franklin M. Drilon
Luisa P. Ejercito-Estrada	Juan M. Flavier
Panfilo M. Lacson	Ramon B. Magsaysay Jr.
Sergio R. Osmeña	Francis N. Pangilinan
Ralph G. Recto	Manuel B. Villar, Jr.

Maaaring kumandidato at maging Senador ang sino mang tao kung siya ay katutubong ipinanganak na mamamayan ng Pilipinas at, sa araw ng halalan, ay dalawamput limang taong gulang man lamang, nakababasa at nakasusulat, rehistradong botante, at naninirahan sa Pilipinas sa loob ng panahong hindi



kukulangin sa dalawang taon kagyat bago sumapit ang araw ng halalan. (Ayon ito sa ating Saligang-Batas, Art. VI, Sek. 3).

Ang taning ng panunungkulan ng isang Senador ay anim na taon. Ito ay dapat na nagsisimula sa katanghalian ng ikatatlumpung araw ng Hunyo na sumusunod sa araw ng pagkahalal sa kanya.

Hindi dapat manungkulan ang sino mang Senador nang mahigit sa dalawang magkasunod na taning ng panunungkulan. Ang boluntaryong pagtalikod sa katungkulan sa ano mang tagal ng panahon ay hindi dapat ituring na pagkaputol sa pagpapatuloy ng kanyang paglilingkod para sa buong taning na panahon ng panunungkulan na pinaghalalan sa kanya (Ayon ito sa Saligang-Batas, Art VI, Seksyon 4).

### **Ang Kinatawan o Mababang Kapulungan**



### **Ito ang Selyo ng Mataas na Kapulungan**

Itinatadhana ng Saligang-Batas ng 1987 na ang Kapulungan ng Kinatawan ay dapat buuin nang hindi hihigit sa dalawang daan at limampung (250) kagawad. Ang mga dapat ay ihalal mula sa mga purok pangkapulungan na pinaghati-hati sa mga lalawigan, mga lungsod, at Metropolitan Manila ayon sa dami ng kinauukulang mga kinatawan naninirahan, at batay sa magkakatulad at paunlad na pagdami. Ayon sa itinatadhana ng batas ay dapat ihalal sa pamamagitan ng sistemang party-list ang mga rehistradong partido o organisasyong pambansa, panrehiyon, at pansektor.

Ang kinatawang party-list ay dapat na binubuo ng dalawampung porsyento ng lahat ng mga kagawad ng Kapulungan ng mga Kinatawan. Sa loob ng tatlong magkakasunod na taning ng panunungkulan pagkaraang maratipikahan ang Konstitusyong ito, ang kalahati sa mga puwestong nakalaan sa mga kinatawang party-list ay dapat punan, ayon sa itinatadhana ng batas. Ito ay sa pamamagitan ng pagpili o paghahalal mula sa sektor ng mga manggagawa, magsasaka, mahihirap na taga-lungsod, mga katutubong pamayanang pangkalinangan, mga kababaihan, kabataan at iba pang mga sector na maaaring itadhana ng batas, maliban sa sector na panrelihiyon.

Maaaring maging Kagawad ng Kapulungan ng mga Kinatawan ang sino mang tao kung siya ay katutubong ipinanganak na mamamayan ng Pilipinas. Sa araw ng halalan, ay dalawampu't limang taong gulang man lamang, nakababasa at nakasusulat. Kailangang siya ay rehistradong botante sa purok na paghahalalan sa kanya, at nakapanirahan doon sa loob ng panahong di kukulangin sa isang taon kagyat bago sumapit ang araw ng halalan (Art.VI, Sek. 6)).

Ang mga kagawad ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay dapat ihalal para sa taning ng tatlong taon na nagsisimula sa katanghalian ng ika-30 araw ng Hunyo na sumusunod sa araw ng pagkahalal sa kanila.

Hindi dapat manungkulan ang sino mang Kagawad ng Kapulungan ng mga Kinatawan nang mahigit sa tatlong taong magkakasunod.


### **Ang Mga Tungkulin ng mga Mambabatas at ang Paggawa ng Batas**

Ang pangunahing tungkulin ng mga mambabatas ay ang magpasa ng mga panukalang batas na sa tingin nila ay nararapat ipatupad upang umunlad ang pisikal at panlipunan kalalagayan ng mga mamamayan. Tunghayan naman natin kung paano ang proseso ng pagpapasa ng isang panukalang batas.

**Proseso Ng Pagpapasa Ng Panukalang Batas**

**MABABANG  
KAPULUNGAN**

**MATAAS  
NA KAPULUNGAN**



## **Paano Nagiging Ganap na Batas ang Isang Panukalang Batas?**

Ayon sa napag-aralan mo sa tsart, ganito ang prosesong sinusunod ng mga mambabatas:

1. Ang isang Kagawad ng Kapulungan ng Kongreso o isang Senador ay gagawa ng isang panukalang batas matapos magsawa ng isang pagsasaliksik tungkol sa pangangailangan nito.
2. Ang may-akda na Kongresman o Senador ay ipapasa ang panukala sa kani-kanilang Kapulungan para Malayan ng index, mabigyan ng abstrak, at maparami ang kopya. Ang Komite ng Index naman ay ipagbibigay alam sa Komite ng Rules ng Kapulungan kung saan ipinasa ang panulang batas para mailagay sa kalendaryo upang madinig ang panukala sa unang pagkakataon.
3. Ang bilang, pamagat, at may-akda ng panukalang batas ay babasahin sa plenaryo pagpupulong (plenary session) ng Mataas o Mababang Kapulungan kung saan ang lahat ng miyembro ng kapulungan ay naroroon. Pagkatapos nito ang panukalang batas ay ipapasa sa isang Komite ng kapulungan na may hurisdiksiyon dito.
4. Pagkatapos ipasa ang panukalang batas sa tamang Komite, ito ay dadaan sa pagdinig sa publiko (public hearing), paghingi ng mga opinion mula sa mga sektor na maapektuhan ng panukalang batas, mga opinion mula sa mga eksperto sa naturang panukala. Ang Komite ay pag-aaralan ang implikasyon ng panukalang batas. Base sa pag-aaral na ito, ang Komite ay maaaring I-pasa ng walang pagbabago, o baguhin at palitan o isama/ihalo sa parehas na mga panukalang batas. Matapos ito, ang Komite ay magpapasa ng kanilang report sa Komite ng Panuntunan (Committee on Rules). Sa loob ng Tatlong araw (30) ay dapat na aksyonan ng Komite matapos ipasa. Maaaring mamatay ang panukalang batas kung hindi maaksiyunan ng Komite ang panukala sa loob ng itinakdang araw.

5. Ang Komite ng Panuntunan ay magbibigay ng bilang sa report ng Komite at ika-kalendaryo ang panukala para sa ikalawang pagdinig.
6. Ang panukalang batas ay pag-aaralan at bubusisiin sa isang plenaryong pagpupulong kung saan ipinasa ang batas. Matapos basahin ang report ng Komite at ang pamagat ng panukala, ang pangunahing may-akda ng panukalang batas ay magbibigay ng pananalita o ***sponsorship speech***.

Matapos ang pagsasalita, ito ay susundan ng mga pagtatanong ng sino mang miyembro ng Kapulungan patungkol sa merito at di-merito ng panukalang batas. Matapos nito, ang mga di-sang-ayon sa panukala ay magsasalita upang kumbinsihin ang mga ibang miyembro na huwag ipasa ang panukalang batas na susundan naman ng pagsagot ng mga may-akda sa mga punto ng mga miyembrong di-sang ayon sa panukala.

Matapos ang mga ito, susundan naman ng mga pagbabago sa panukala na pangungunahan ng mga may-akda kung saan ay dapat pumasa sa boto ng mayorya ng mga miyembro. Ang mga pagbabago ng mga mambabatas naman ang ipapanukala sa panukalang batas sa gayun ding proseso. Matapos ang lahat ng pagbabago, ang pagpasa ng panukalang batas ay isasagawa, sa pamamagitan ng pagtawag ng pagboto. Ang bawat Kongresman o Senador ay tatawagin upang bumoto at bibigyan ng panahon ng ipaliwanag ang kanyang boto kung nanaisin nila.

7. Ang panukalang batas naman ay iimprentahin kasama ang lahat ng pagbabago na sinang-ayunan sa pagdinig. Ito ay ibibigay sa lahat ng miyembro ng Kapulungan sa loob ng tatlong (3) araw bago ang huling pagbasa. Sa isang plenaryo, ang pinal na bersyon ng panukalang batas ay babasahin. Wala nang pagbabago ang maaaring gawin simula ditto.
8. Ang kopya ng parehas at huling pagbabago ay ipapasa sa kabilang Kapulungan kung saan ito ay dadaan din sa katulad na proseso ng

deliberation at pagsang-ayon, mula una hanggang ikatlong pagbasa. Kung ang kabilang Kapulungan ay walang pagbabago sa panukalang batas, ito ay ipadadala na sa Pangulo ng Pilipinas upang lagdaan

9. Ang pinagsamang Komite ng kapulungan ay bubuuin kung may mga pagbabagong gagawin sa panukalang batas mula sa kabilang Kapulungan. Ang Komite ay mag-uusap para sa isang pinal na bersyon ng panukalang batas. Ang pinag-usapang bersyon ay ipadadala sa magkabilang Kapulungan para sa pag-apruba.
10. Ang pangulo ng Pilipinas ay lalagdaan ang pinal na bersyon ng panula upang maging ganap na batas.
11. Kung sakaling hindi lagdaan ng Pangulo, at ito ay kanyang ibabalik ang panukala sa pinanggalingang Kapulungan kasama ang kanyang mga kadahilanan ng hindi pagpirma. Ang Kongreso ay maaaring ipawalang bias ang pag-veto ng Pangulo sa pamamagitan ng dalawa't-ikatlong (2/3) boto ng lahat ng miyembro ng bawat Kapulungan.
12. Ang panukalang batas na p-umasa ay magiging epektibo matapos na ito ay lumabas sa opisyal na lathalain ng Kongreso o isang diyaryo na may malawakang sikulasyon.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Paghambingin ang dalawang kapulungang binubuo ng Sangay Tagapagbatas. Gamitin ang matrixsa ibaba.

	Mababang Kapulungan	Mataas na Kapulungan
1. Karaniwaniwang tawag sa mga miyembro		
2. Tawag sa Pinuno		
3. Tawag sa Kapulungan		



### Tandaan Mo!

- Ang Sangay Tagapagbatas ay binubuo ng Mataas na Kapulungan (Senado) at Mababang Kapulungan (Kapulungan ng Kinatawan).
- Ang Senado ay dapat maghalal ng Pangulo nito at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ng Ispiker nito, sa pamamagitan ng mayoryang boto ng lahat ng kauukulang Kagawad nito (Art. VI, Sek. 16 (1)).
- Ang bawat Kapulungan ay dapat bumuo ng quorum upang makatupad ng gawain, ngunit ang lalong maliit na bilang ay maaaring magtindig ng pulong sa magha-maghapon at maaaring sapilitang padaluhin ang mga Kagawad na hindi dumadalo sa ano mang paraan
- Ang pagsulat at pagpapasa ng mga batas ang pangunahing tungkulin ng mga Senador at mga kinataan o kongresista. Sumusunod sila sa isang matagal na proseso ng pagsasaliksik, pagsulat ng panukalang batas, pagdaan sa una, ikalawa at ikatlong pagbasa, at pag-apruba o di pag-apruba ng mga panukalang batas.
- Ang bawat panukalang-batas na mapagtibay ng Kongreso ay dapat iharap sa pangulo bago ganap na maging batas. Dapat niyang lagdaan ito kung sinasang-ayunan niya, kung hindi, dapat niyang ***i-veto*** at ibalik na kalakip ang kanyang mga tutol sa Kapulungan pinanggalingan nito, na dapat magpasok ng mga tutol sa kabuuan sa katitikan nito at muling ilsaalang-alang ang panukalang batas.
- Katungkulan ng mga Tagapagbatas ang isulong ang mga batas na magpapaunlad sa mga mamamayan at sa bansa.




### Gawain 3: Paglalapat

Batay sa nakikita mo sa iyong paligid, anu-ano ang mga inaakalawang kinakailangang isulat at ipasa ng Mataas at Mababang Kapulungan. Pumili ng isang kritikal na isyu at panukalang batas na imumungjkahi mo sa isang Senador o isang Kongresista. Halimbawa, ikaw ay isang taga-siyudad, at lubahang nag-aalala sa ingay sa paligid, maaaring magpanukala ka ng batas na tungkol sa pagbabawal ng kaingayan sa paligid. Iyan ay halimbawa lamang. Pumili ka ng isang mabigat na isyu.

## ARALIN 4

### ANG SANGAY TAGAHUKOM



Napapansin mo ba ang timbangang ito? Ito ay kumakatawan sa katarungan. At sa pagtatamo nito, mahalaga ang papel ng hukuman.

Malalaman mo sa aralng ito ang sistemang panghukuman ng Pilipinas. Ang balangkas ng kapangyarihan nito, at ang mga ahensya ng pamahalaang kaugnay sa sistemang panghukuman ay ang Sangay Tagahukom.



Layunin din ng araling ito ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang balangkas ng Sangay ng Panghukuman at ang ang mga tungkulin at responsibilidad ng mga ito.
2. Maipahayag ang kahalagahan ng isang Malaya, makatarungan at matatag na sistema ng paghuhukom.





## Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Halimbawang ikaw ay naging saksi sa isang krimen sa inyong lugar.

Nagkataong ang pinagbintangan ay inosente at walang sala sa pangyayayari. Lalabas ka ba at tatayong saksi para mapawalang-sala ang inosenteng tao na napagbintangan lamang? Kahit na sa proseso ay maaaring mabingit ang iyong buhay? Nananalig ka bas a pagiging makatarungan n gating hukuman? Ipaliwanag ang iyong kasagutan sa iyong kuwaderno.

### Ang Sangay Tagahukom



Ang Sangay Tagahukom ay may kapangyarihang ayusin ang nangyayaring mga sigalot hinggil sa karapatang-pantao sa ilalim ng Saligang-Batas. May kapangyarihan itong ipatupad nang naaayon sa batas ang mga kaparusahan sa kawal n ng katarungan sa panig ng alin mang sangay o instrumentalidad ng hukuman.

Ang Kataastaasang Hukuman ang siyang namumuno sa Sangay Tagahukom. Ito ay binubuo ng isang Punong Mahistrado at labing-apat na Kasamang Mahistrado. Ito ay maaaring magpasya *en banc* o direksyon nito, sa mga dibisyong binubuo ng tatlo, lima, o pitong kagawad.

Sakop ng Kataastaasang Hukuman ang lahat ng usaping may kinalaman sa konstitusyonalidad ng ano mang kasunduang pambansa, at kasunduang internasyonal. Sa mga dinidinig ng Kataastaasang Hukuman kabilang ang may kinalaman sa kanstitusyonalidad, paglalapat, o pagpapairal ng mga decree ng Pangulo, mga proklamasyon, mga kautusan, mga tagubilin, mga ordinansa, at iba pang mga regulasyon nang may pagsang-ayo nang nakararaming mga Kagawad.

Upang mabigyan ka ng mas malinaw na pang-unawa sa proseso ng katarungan sa ating bansa, tunghayan mo ang tsart na nasa ibaba:

# Ang Sistemang Panghukuman sa Pilipinas



## Ang Iba't ibang Hukuman sa Pilipinas

Makikita mo sa tsart na may iba't ibang hukuman sa Pilipinas:

1. **Kataastaasang Hukuman o Korte Suprema:** ito ay binubuo ng isang **Punong Hukom** at **labing-apat na Kasamang Hukom**. Ang mga kwalipikasyon ng Panghukom at labing-apat na Kasamang Hukom ay ang mga sumusunod:

- a. Katutubong inianak na mamamayan ng Pilipinas;
- b. Apatnapung (40) taong gulang; at
- c. Naging hukom ng isang mababang hukuman o nagpraktis bilang abogado sa Pilipinas sa loob ng labing limang (15) taon o higit pa.

Ang isang kagawad ng Korte Suprema ay kinakailangang mag-angkin ng subok na kakayahan, kalinisan ng budhi, katapatan, at malayang pag-iisip.

## 2. **Ang Judicial at Bar Council**

Binubuo ito ng Punong Hukuman o Mahistrado (bilang tagapangulo o ex-officio), Kalihim ng Katarungan, at isang kinatawan ng Integrated Bar, isang propesor ng batas, isang retiradong Kagawad ng Korte Suprema, at isang kinatawan ng pribadong sektor. Apat (4) na taon ang tining ng panunungkulan ng mga bumubuo ng *Judicial at Bar Council* at kailangang dumaan sa pagsang-ayon ng Komisyon sa Paghirang. Ang propesor ng batas ay manunungkulan sa loob ng tatlong taon. Ang retiradong Mahistrado ay manunungkulan naman sa loob ng dalawang taon, at ang kinatawan ng pribadong sektor ay magsisilbi sa loob ng isang taon.

## 3. **Ang Mababang Hukuman**

Ang mga Regular na Hukuman sa ating bansa ay ang mga sumusunod:

- a. **Court of Appeals o Hukuman sa Apila/Paghahabol:** May sampung dibisyon at ang bawat isa nito ay may limang kagawad. Nagpapasya sila bilang isang lupon o **en banc** kung papayagan ang apila sa isang kasong nalitis na.

- b. **Regional Trial Court:** May isa sa bawat rehiyon ng bansa. Pinamamahalaan ito ng hukom panrehiyon.
- c. **Metropolitan Trial Court:** May isa sa Kalakhang Maynila. May isang Municipal Circuit Trial Court na binubuo ng isa o higit pang lungsod o munisipalidad na pinagsama ayon sa batas.

**4. Ang Hukumang Pambarangay:** Ito ay pinamumunuan ng isang lupon na siyang humahawak sa mga kasong ang parusa ay mula anim na buwan pababa. Ito rin ang humahawak sa mga alitang pangkapit-bahay o mga di pagkakasundo ng mga magkakapit-bahay.

**5. Ang Sandiganbayan:** Isang hukumang panlitis na ang tanging saklaw ay mga kasong sibil at kriminal na kinasasangkutan ng mga tiwali at may mga pagkakasalang kawani ng pamahalaan kaugnay sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin.

**6. Ang Court Of Tax Appeals:** Isang espesyal na hukuman na humahawak sa mga kasong may kinalaman sa pagbubuwis at mga paglabag dito.


**7. Ang Shari'a District/Circuit Courts:** isang espesyal na hukuman na humahawak sa mga kasong may kinalaman sa mga batas ng Muslim at mga paglabag dito.




## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Pag-aralan at pag-isipan mo ang kahalagahan ng mga sumusunod na haligi ng katarungan.

- A. May tinatawag ang mga hukuman na Limang Haligi ng Katarungan (*5 Pillars of the Philippine Justice System*.) Basahin at unawain mo upang mapalalim mo pa ang iyong kaalaman.



- B. Mayroon ding tinatawag na Limang Haligi ng Katarungang Pang-krimen upang maibsan ang paglaganap ng kriminalidad sa bansa. Pag-aralan mo rin para sa pagpapalawak ng iyong kaalaman.





### Tandaan Mo!

- Ang Punong Mahistrado ang pinuno ng Kataastasang Hukuman Labing-apat ang mga Kagawad na Mahistrado sa Kataastaasang Hukuman
- Ang Punong Mahistrado, Kalihim ng Katarungan, Kinatawan ng Integrated Bar, isang propesor sa batas, isang retiradong Kagawad ng Korte Suprema, at isang kinatawan ng pribadong sektor ang bumubuo ng Judicial Bar Council.
- May iba't ibang uri ng hukuman sa bansa sa ilalim ng Kataastaasang Hukuman: Sandiganbayan, Hukuman sa Apila, Regional Trial Court, Metropolitan Trial Court, Municipal Trial Court, at Hukumang Pambarangay.
- May limang haligi ng katarungan na gumagabay sa mga desisyong ginagawa ng mga nasa ilalim ng Sangay Tagahukom.



### Gawain 3: Paglalapat

Magpunta sa opisina ng inyong barangay at magsagawa ng isang panayam tungkol sa mga kasong pambarangay na hinahawakan ng lupon ng barangay. Itanong ang mga sumusunod:

- 1 Anu-ano ang mga pangkaraniwang kasong ang kanilang binibigyang kalutasan?
2. Ano-ano ang mga mabibigat na kaso na kanilang hinawakan at ano ang kanilang ginawa sa mga kasong ito?
3. Paano nagdedesisyon ang lupon kapag sila ay may hinahawakang kaso?

## ARALIN 5 ANG MGA KOMISYONG KONSTITUSYONAL



Ang mga Komisyong Konstitusyonal, na dapat na malaya, ay ang Komisyon sa Serbisyo Sibil, Komisyon sa Halalan, Komisyon sa Awdit, at ang Komisyon sa Karapatang Pantao.



Kilala mo ba ang mga komisyong nabanggit?

Sa araling ito, malalaman mo ang nga iba't ibang komisyong nalikha sapamamagitan ng Saligang-Batas ng 1987.



Inaasahan na pagkatapos mo ng araling ito, ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga tungkulin at responsibilidad ng mga Komisyong Konstitusyonal; at
2. Mapahahalagahan ang mga bahaging ginagampanan ng mga Komisyong ito sa pagtataas ng kalidad ng buhay ng mga mamamayan.



### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Itapat ang mga salita sa **HANAY A** ayon sa pagkaka-ugnay nito sa **HANAY B**. Lagyan ng guhit.

#### HANAY A

KOMISYON NG SERBISYO SIBIL

KOMISYON NG AWDIT

KOMISYON SA HALALAN

KOMISYON SA KARAPATANG  
PANTAO

#### HANAY B

Magsuri ng paggugol ng pamahalaan

Mangalaga ng mga boto ng mamamayan

Mangalaga ng karapatan ng  
mamamayan

Makapagtalaga ng permanenteng  
serbisyo

Magtaguyod ng sistemang merito sa  
mga kawani ng pamahalaan

Labanan ang pang-aabuso sa karapatan  
ng mamamayan

Maghayag ng legal na resulta ng halalan

Magsaayos ng gastos ng pamahalaan



## Ang Mga Komisyong Konstitusyonal

Pinanatili ng Saligang-Batas ng 1987 ang mga Komisyong nalikha sa ilalim ng Saligang-Batas ng 1973. Ang mga Komisyong ito ay ang mga sumusunod:



Komisyon ng Serbisyo Sibil

Komisyon sa Halalan

Komisyon sa Awdit

Komisyon ng Karapatang Pantao (Idinagdag ito sa ilalim ng Saligang-Batas ng 1987)

Ang mga pinuno (**Commissioners**) ng mga Komisyong nabanggit ay maaalis lamang sa tungkulin sa pamamagitan ng **impeachment**, at ang patakaran at pasya ay kailangang sundin ng lahat, maging ng Pangulo, ng Kongreso, at ng hukuman, bagay na nagbigay sa kanila ng turing na; **“Ika-4 na Sangay ng Pamahalaan ng Pilipinas.”**

## Ang Komisyon ng Serbisyo Sibil o *Civil Service Commission (CSC)*




# Civil Service Commission

104th year of the Philippine Civil Service



Ang Serbisyo Sibil ay tumutukoy sa kalipunan ng mga naglilingkod sa pamahalaan. Ang pagpili at pagtaas ng katungkulan ay naaayon sa kanilang kapuri-puring kwalipikasyon at kakayahan. Saklaw nito ang lahat ng sangay, tanggapan ng pamahalaan, at mga korporasyong pag-aari o kontrolado ng pamahalaan o *Government Owned and Controlled Corporations (GOCC's)*.



Layunin sa pagtatalaga ng permanenteng serbisyo ang ang makabuo ng kalipunan ng lingkod-bayan na may kakayahang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng serbisyong pampamahalaan.

Ang Serbisyo Sibil ay inatasan ng Saligang-Batas na pairalin ang mga tuntuning dapat ipatupad upang ang mga nanunungkulan sa pamahalaan ay gumanap ng kanilang tungkulin nang may pagmamalasakit, katapatan, kakayahan, at kahusayan. Gayundin, ang Komisyon ay inaatasang magtaguyod sa sistemang merito at sistema ng pagbibigay ng gantimpala kung kinakailangan; pagsama-samahin ang lahat ng mga programa sa paglinang ng mga yamang-tao sa lahat ng antas at taas ng katungkulan; at patatagin ang sistema ng pangangasiwa na naaangkop sa kapanagutang-pambayan at tapat na pamamahala (*public accountability and transparency*).

## Ang Komisyon ng Halalan (COMELEC)



Ang pagiging lihim ng balota at ang pagkakaroon ng malayang eleksyon ay mapangangalagaan lamang sa pamamagitan ng isang malayang tanggapan na ang pangunahing tungkulin ay ang pagpapatupad ang mga batas sa halalan.

### OPERATION QUICK COUNT

Ang Komisyon sa Halalan, na mas kilala sa tawag na *Commission on Elections (COMELEC)*, ay isang malayang hukumang pampangisawaan kapantay ng ibang kagawarang may katulad na kapangyarihan.

Kabilang sa mga tungkulin at kapangyarihan ng COMELEC ang pagpapatupad sa mga batas na may kaugnayan sa halalan. Ito ang tanging tagapasya sa lahat ng usaping may kinalaman sa halalan, resulta ng halalan, at kwalipikasyon ng mga kandidato maging ito man ay pambansa, panlalawigan, o panlokal na halalan. Tanging ang COMELEC lamang ang makapagpapahayag ng legal na resulta (*official result*) ng anumang naganap na halalan.

## Ang Komisyon sa Awdit (COA)



Ang Komisyon sa Awdit o *Commission On Audit* ay nilikha bilang malayang tanggapan upang masuri ang paggugol o paggasta ng yaman ng pamahalaan. Sa pamamagitan ng tanggapang ito, maipapaalam sa taong bayan kung ang anumang ahensiya ng pamahalaan ay maayos at matapat na gumagamit ng kanilang pondo at nang ay naaayon sa itinatadhana ng batas.



Ang Komisyon sa Awdit ay may kapangyarihang magsiyasat sa mga paggugol ng pamahalaan sa mga lalawigan, lungsod, bayan, korporasyon ng pamahalaan, pamantasan, dalubhasaan, paaralang bayan, gayundin ang mga pampublikong pagamutan. Sa ganitong paraan, maisasaayos ang paggastos ng salapi ng pamahalaan.

## **Ang Komisyon sa Karapatang Pantao o *Commission on Human Rights***

Nilikha ang Komisyon sa Karapatang Pantao upang mapangalagaan ang mga karapatan ng bawat mamamayan laban sa mga pang-aabuso ng sinuman. Kabilang sa mga tungkulin ng Komisyon ang pagsisiyasat sa anumang pagbibigay ng karampatang legal na hakbang para mapangalagaan ang mga karapatan ng mga mamamayan. Tungkulin din ng Komisyon ang pagbibigay ng mga legal na paglilingkod sa mahihirap upang labanan ang pang-aabuso ng kanilang mga karapatan.



**Tunghayan natin ang mga Kalipunan ng Karapatang Pantao na makikita sa Artikulo 13 ng Saligang Batas ng 1987.**

**Sama-sama nating ipaglaban ang ating mga karapatan. Magtulungan tayo.**

### **ARTIKULO XIII**

#### **KATARUNGANG PANLIPUNAN AT MGA KARAPATANG PANTAO**

##### **Ang Komisyon sa Mga Karapatang Pantao**

SEKSYON 17. (1) Nililikha sa pamamagitan nito ang isang malayang tanggapan na tatawaging Komisyon sa mga Karapatang Pantao.

(2) Ang Komisyon ay dapat buuin ng isang Tagapangulo at apat na mga Kagawad na kinakailangang mga katutubong ipinanganak na mamamayan ng Pilipinas at ang mayorya nito ay dapat na kabilang sa Philippine Bar.

(SEKSYON 18. Mga Kapangyarihan at mga Gawain ng Komisyon:

(1) Magsiyasat, sa kusa nito o sa sumbong ng alin mang panig, ng lahat ng uri ng mga paglabag sa mga karapatang pantao na kinapapalooban ng mga sibil at pulitikal;

(2) Magtakda ng mga panuntunan sa pamamalakad, at mga tuntunin ng pamamaraan nito, at magharap ng sakdal na paglalapastangan ukol sa mga paglabag dito nang naaalinsunod sa mga Tuntunin ng Hukuman;

(3) Magtakda ng angkop na mga hakbanging naaayon sa batas para sa pangangalaga ng mga karapatang pantao ng lahat ng mga tao sa Pilipinas, gayundin ng mga Pilipinong naninirahan sa ibang bansa, at magtakda ng mga hakbangin, at mga paglilingkod na tulong legal sa mga kulang-palad na ang mga karapatang pantao ay nilabag o nangangailangan ng proteksyon;

(4) Tumupad ng mga kapangyarihan sa pagdalaw sa mga piitan, mga bilangguan, o mga pasilidad sa detensyon;

(5) Magtatag ng patuluyang programa sa pananaliksik, edukasyon at impormasyon, upang mapatingkad ang paggalng sa pagkapangunahin ng mga karapatang pantao;

(6) Magrekomenda sa Kongreso ng mga mabisang hakbangin upang maitaguyod ang mga karapatang pantao at maglaan para sa mga bayad-pinsala sa mga biktima, o sa kanilang mga pamilya, ng mga paglabag sa mga karapatang pantao;

(7) Subaybayan ang pagtalima ng Pamahalaan ng Pilipinas sa mga pananagutan sa pandaigdig na kasunduang-bansa hinggil sa mga karapatang pantao;

(8) Magkaloob ng *immunity* o pag-iwas sa pag-uusig sa sino mang tao na ang testimonya o ang pag-iingat ng mga dokumento o iba pang ebidensya ay kinakailangan o makaluluwag sa pagtiyak ng katotohanan sa alin mang pagsisiyasat na isinagawa nito o sa ilalim ng awtoridad nito;

(9) Hilingin ang tulong ng alin mang kagawaran, kawanihan, tanggapan o sangay ng pamahalaan sa pagtupad ng mga gawain nito;

(10) Humirang ng mga pinuno at kawani nito nang naaayon sa batas; at

(11) Tumupad ng iba pang mga tungkulin at mga gawain na maaaring itakda ng batas.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Ilista sa talahanayan ang 5 Komisyong Konstitusyonal. Pagkatpos ay maglista ng 3 tungkulin ng bawat Komisyon sa tamang hanay.

B. Sagutin sa pamamagitan ng Pagbuo sa Matrix na ito:

Mga Komisyong Konstitusyonal	Mga Tungkulin
1.	1. 2 3
2.	1. 2. 3
3.	1. 2. 3.
4	1. 2. 3
5.	1. 2. 3..



### Tandaan Mo!

- Ang sino mang kagawad ng isang Komisyong Konstitusyonal sa panahon ng kanyang panunungkulan, ay hindi dapat humawak ng ibang katungkulan , trabaho o negosyo.
- Hindi rin siya dapat maging interesado sa pananalapi upang hindi makasagabal sa pagtupad ng kanyang tungkulin.
- Ang mga Komisyong Konstitusyonal na dapat na malaya ay ang Komisyon ng Serbisyo Sibil, Komisyon sa Halalan, Komisyon sa Awdit, at Komisyon sa Karapatang Pantao.
- Ang mga Komisyong ito ay itinatag upang mapangalagaan ang mga karapatan ng pamahalaan at ng mamamayan; gayundin upang masiguro ang pagsunod sa Saligang-Batas at sa iba pang mga batas ng Pamahalaan.



### Gawaing 3: Paglalapat

Paano ka makatutulong (bilang isang anak, isang mag-aaral, isang mamamayan) sa panahon ng halalan?

Maglista ng hanggang limang (5) halimbawa ng pakikilahok mo sa halalan sa iyong sulatang papel o kuwaderno.

## ARALIN 6

### ANG PAMAHALAANG LOKAL

Napag-aralan mo sa mga nakaraang modyul ang pagkakaroon natin ng mga rehiyon, lalawigan, lungsod, bayan, at mga barangay. Sa araling ito, uunawain mo kung paano ang pamamahala ng iba't ibang yunit pulitikal ng pamahalaang lokal.

Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng aralin:

1. Maipaliliwanag ang balangkas, tungkulin, at kapangyarihan ng pamahalaang

lokal; at

2. Makapagbibigay ng pagpapahalaga sa bahaging ginagampanan ng pamahalaang

lokal sa katatagan ng bansa.



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!


Aling pamahalaang lokal ang may kaugnayan sa mga sumusunod:

#### Ang Pamahalaan

Ang pamahalaang lokal ay sumasaklaw sa mga lalawigan, lungsod, bayan at mga barangay. Ang mga lalawigan ay binubuo ng mga bayan at kung magkaminsan, ng mga lungsod. Ang barangay ang pinakamaliit na yunit pulitikal sa bansa.

Nasasaad sa Artikulo X ng Saligang-Batas ng 1987 ang mga probisyon tungkol sa pamahalaang lokal. Itinatadhana rito ang mga pagbabago sa pamahalaang lokal.

Alam mo ba na ang Pangulo ng Pilipinas ang may pangkalahatang superbisyon sa mga pamahalaang lokal? Ang kapangyarihan at mga gawain ng mga lalawigan, lungsod, bayan at barangay ay itinakda ng isang kodigo ng pamahalaang lokal na binuo ng kongreso. Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ang ang bumabalangkas ng tungkulin ng pamahalaang lokal na inaasahang higit na makatutugon at makakapanagot sa mga pangangailangan ng taong bayan sa pamamagitan ng sistemang desentralisasyon. Ito ay gumagamit ng mga mabisang pamamaraan ng pagbawi ng katungkulan, *initiative* o pagpapatuon, at reperendum. Ito rin ang nagtatakda ng distribusyon ng kapangyarihan, pananagutan at pagkukunang-yaman ng iba't ibang yunit ng pamahalaang lokal. Ang Kodigo ang nagtatadhana ng mga katangian, paghahahalal, paghirang at pag-aalis, tining ng panunungkulan, sahod, tungkulin ng mga pinuno, at lahat ng iba pang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa operasyon ng mga pamahalaang lokal.



Ang tining na panahon ng panunungkulan ng mga halal na pinunong lokal, maliban sa mga pinuno ng barangay na itinakda ng batas, ay tatlong taon at hindi hihigit sa tatlong taong magkasunod na tining ng panunungkulan.

### **Mga Rehiyong May Awtonomiya.**


Ayon sa Seksyon 15, Artikulo X ng Saligang-Batas ng 1987, ang Pangulo ay lilikha ng mga rehiyong may awtonomiya sa Mindanao at sa Cordillera sa Hilagang Luzon. Kaugnay nito, isang pangrehiyong sangguniang komisyon para sa bawat rehiyong awtonomiya ang hihirangin upang tumulong sa Kongreso sa pagbuo ng isang batayang batas na babalangkang ng pamahalaan para sa mga nasabing rehiyon. Ang pamahalaang awtonomus ay bubuun ng kagawarang tagapagpaganap at kapulungang tagapagsabatas na ihahalal at siyang kakatawan sa mga nasasakupan nito. Ang pamahalaang awtonomus ay may mga tanging hukuman na may hurisdiksiyon sa mga batas na personal, pampamilya, at pang-ari-arian na alinsunod sa mga itinadhana sa Saligang-Batas.

Ang paglikha sa rehiyong awtonomus ay magkakabisa lamang kapag ito ay pinagtibay ng mayoryang boto ng mga yunit ng manghahalal sa pamamagitan ng isang plebisito na tatawagin ukol dito. Ang mga lalawigan, lungsod, at lugar heograpiko na boboto nang katig sa gayong plebisito ang isasama sa rehiyong awtonomus.

Ang pagpapanatili ng katiwasayan at kaayusan sa mga rehiyong awtonomus ay pananagutan ng mga lokal na sangay ng pulisya at tutustusan, pangangasiwaan at gagamitin nang naayon sa mga karampatang batas. Ang pagtatanggol at seguridad ng mga rehiyon ay pananagutan ng pamahalaang pambansa.



Ang pagsasarili o awtonomiya ay nangangahulugan ng pagbibigay ng higit na kalayaan sa rehiyon na patakbuhin ang sariling lokal na pamahalaan. Sa gayon, mababawasan ang pananagutan ng pamahalaang nasyonal at rehiyong awtonomus tungo sa desentralisasyon ng kapangyarihan. Sa pamamagitan ng desentralisasyon, napapalapit sa pamahalaan ang taong bayan sapagkat ang mga mamamayan ay kasama sa pagpapasya. Ang kabilang sa rehiyong awtonomus ay magkakaroon din ng pakikilahok ang mga pamayanan sa pagbalangkas ng programang pangkaunlaran. Ito ay nagpapalakas ng kanilang kakayahang mamuhay bilang nakapagsasariling pamayanan. Higit sa lahat, mapapanatili ng mga kaugalian at tradisyong katutubo sa mga lugar na ito.



Makikita sa tsart sa itaas ang balangkas ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas. Ipinapakita din sa tsart na ang Pangulo ng Pilipinas ang may pangkalahatang superbisyon sa mga pamahalaang lokal.

## Tungkulin at Kapangyarihan ng Pamahalaang Lokal

BAYAN	LUNGSOD	LALAWIGAN	AUTONOMOUS
<b>MAYOR</b>	<b>MAYOR</b>	<b>GOBERNADOR</b>	<p><b>Ano ang rehiyong Autonomus?</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Ito ay isang rehiyong binubuo ng mga lalawigan, bayan, at lungsod kung saan ang mayroong pareparehong kultura at balangkas ng lipunan at kabuhayan ay binibigyan ng kalayaan sa pamamahalang lokal                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Halimbawa ang CAR (Cordillera Administrative Region) at ARMM (Autonomous Region of Muslim Mindanao)                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Ang Pangulo ng Pilipinas ay ang direktang namamahala sa mga gawain ng isang rehiyong awtonomus at sa seguridad nito.                 </li> </ul>
<ul style="list-style-type: none"> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magpatupad ng batas at mga ordinansa ng munisipalidad                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Tulungan ang mga kawani ng pangkalusugan sa pagpapatupad ng mga ordinansang pangkalusugan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Mamuno sa mga sesyon ng sangguniang bayan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Gumawa at mag-apruba ng mga ordinansa tungkol sa kalusugan, katahimikan ng bayan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Pagpapahalaga sa pagmamay-ari ng LGU                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Paglalapat ng parusa sa mga ordinansa                 </li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magpatupad ng mga batas at ordinansa ng syudad                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Paggabay sa mga kawani ng pamahalaan sa pagtupad ng kanilang tungkulin                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magrekomenda ng ordinansa sa konseho para sa kabutihan ng mga mamamayan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magsumite ng badyet sa konseho                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Tumupad ng iba pang tungkulin sangayon sa batas                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magrekomenda ng mga ordinansa sa konseho para sa ikabubuti ng mamamayan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magsumite ng badyet sa konseho                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Tumupad sa iba pang mga tungkulin                 </li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magpatupad ng batas o ordinansa ng lalawigan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Alamin at subaybayan ang lahat ng gawain ng mga bayan at lungsod                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Siguruhing ang lahat ng batas ay naipatutupad nang tama at maayos                 </li> </ul>	
		<b>SANGGUNIANG PANLALAWIGAN</b>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magtatag ng mga tanggapan para sa pamahalaang panlalawigan                 </li> <li> <span style="display: inline-block; width: 1em; height: 1em; background-color: #808000; border: 1px solid black; border-radius: 50%; margin-right: 0.5em;"></span>                     Magbigay ng alokasyon ng pondo para sa pagpapagawa ng mga panlalawigang daan, tulay, gusali, at sistema ng irigasyon                 </li> </ul>	



### Tandaan Mo!


- Ang Kodigo ng Pamahalaang lokal ang nagtatakda ng sistema ng pamamahalang lokal at desentralisasyon.
- Ang taning na panahon ng panunungkulan ng mga pinunong lokal, maliban sa mga pinuno ng barangay na itatakda ng batas, ay dapat na tatlong taon at hindi makapanunungkulan ang sino mang gayong pinuno nang mahigit sa tatlong magkakasunod na taning ng panunungkulan. Ang kusang pagkakatalikod sa katungkulan sa ano mang tagal ng panahon ay hindi dapat ituring na pagkauntol sa pagpapatuloy ng kanyang paglilingkod para sa buong taning ng panahon ng panunungkulan na pinaghalalan sa kanya.
- Ang mga subdibisyong teritoryal at pulitikal ay dapat magtamasa ng awtonomiyang lokal.




### Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Ayusin ang mga letra sa kahon upang malaman ang mga sagot sa katanungan:


1. Kanino may direktang pananagutan ang mga pinuno ng LGU? \_\_\_\_\_




2. Kailangang ipasa ng mga opisyal na pamahalaan ang Pagsusulit na ibinibigay Komisyon ng \_\_\_\_\_



3. Sino ang pinuno ng lalawigan? \_\_\_\_\_



4. Ano ang pinakamaliit na yunit ng LGU? \_\_\_\_\_



5. Hindi pinapayagan na maging kandidato  
o mahalal ang Taong may \_\_\_\_\_

Z	C	E	N
I	S	P	A
U	L	T	
H	D	E	



### PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

PANUTO: ISULAT ANG TITIK NG TAMANG SAGOT SA IYONG KUWADERNO O SAGITANG PAPEL.

- \_\_\_\_\_ 1. Inihahalal ng kinatawan ng mahistradong partido o organisasyong pambansa, panrehiyon at pang-sektor.
- A. Party-List
  - B. Gabinete
  - C. Senador
  - D. Punong Mahistrado
- \_\_\_\_\_ 2. May kapangyarihang magsuri ng konstitusyonalidad ng anumang kasunduang pumasok ng bansa.
- A. Pangulo
  - B. Pangalawang Pangulo
  - C. Kataastaasang Hukuman
  - D. Gabinete
- \_\_\_\_\_ 3. May pangunahing tungkulin na gumawa ng mga panukalang batas.
- A. Pangulo
  - B. Pangalawang Pangulo
  - C. Gabinete
  - D. Mambabatas
- \_\_\_\_\_ 4. Inihahalal ng mga botante sa mga purok pangkapuluan.
- A. Senador
  - B. Pangalawang Pangulo
  - C. Kinatawan ng Kapulungan
  - D. Gabinete
- \_\_\_\_\_ 5. Paraan ng pagpili ng mga Senador.
- A. Pagtataas ng kamay
  - B. Pagboto sa pambansang halalan
  - C. Pagboto sa distrito
  - D. Pagtatalaga ng Pangulo
- \_\_\_\_\_ 6. Bilang ng mga Miyembro ng Mataas na Kapulungan.
- A. 11
  - B. 12
  - C. 23
  - D. 24

- \_\_\_\_\_ 7. Maaaring hawakang posisyon ng Pangalawang Pangulo.
- A. Gabinete
  - B. Ispiker ng Kapulungan
  - C. Punong Mahistrado
  - D. Presidente ng Senado
- \_\_\_\_\_ 8. Pinuno ng Mababang Kapulungan.
- A. Pangulo ng Senado
  - B. Ispiker ng Kapulungan
  - C. Pangulo
  - D. Punong Mahistrado
- \_\_\_\_\_ 9. Bilang ng mga miyembro ng Kapulungan ng Kinatawan.
- A. 100
  - B. 150
  - C. 250
  - D. 300
- \_\_\_\_\_ 10. Bilang ng mga kasamang Mahistrado.
- A. 11
  - B. 12
  - C. 13
  - D. 14
- \_\_\_\_\_ 11. Pinuno ng Mataas na Kapulungan.
- A. Pangulo ng Senado
  - B. Ispiker ng Kapulungan
  - C. Pangulo
  - D. Punong Mahistrado
- \_\_\_\_\_ 12. Paraan ng pagpili ng Pangulo at Pangalawang Pangulo.
- A. Halalang Nasyonal
  - B. Pagtataas ng kamay
  - C. Pagpili ng mga kinatawan
  - D. Pagtatalaga ng Punong Mahistrado
- \_\_\_\_\_ 13. Itinatakda ng pangulo upang tumulong sa pangangasiwa at maayos na pamamalakad ng pamahalaan.
- A. Senador
  - B. Kongreso
  - C. Pangalawang Pangulo
  - D. Gabinete
- \_\_\_\_\_ 14. Ang pinuno ng Sangay Tagapagpaganap.
- A. Pangalawang Pangulo
  - B. Pangulo
  - C. Gabinete
  - D. Senador

- \_\_\_\_\_ 15. Pinuno ng Kataastaasang Hukuman.  
 E. Presidente ng Senado  
 F. Ispiker ng Kapulungan  
 G. Punong Mahistrado  
 H. Gabinete

PART II: Balangkas ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas  
 Panuto: Punan ng akmgang posisyon ang mga numerong may patlang.

